Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
## IKAAPAT NA MARKAHAN – MODYUL 4

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Elisa B. Peñaflor
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Elisa B. Peñaflor
**Tagasuri ng Nilalaman:** Esmeralda R. Igat /Rico C. Tarectecan
**Tagasuri ng Wika:** Esmeralda R. Igat
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS

**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Radio Broadcasting

## Inaasahan

Ang Radio Broadcasting ay isang pamamaraang pagsasahimpapawid ng mga impormasyon o balita upang higit na maunawaan ng mga nasa Baitang Walo ang akda, sa SLEM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Natutukoy ang mga hakbang sa pagsasagawa ng isang kawili-wiling radio broadcast batay sa nasaliksik na impormasyon tungkol dito(F8PB-IVi-j-38)
2. Nabibigyang pansin ang mga angkop na salitang dapat gamitin sa isang radio broadcast (F8PT-IV-j-38)
3. Nailalapat sa isang radio broadcast ang mga kaalamang natutuhan sa napanood sa telebisyon na programang nagbabalita (F8PD-IVi-j-38)
4. Naipahahayag ang pansariling paniniwala at pagpapahalaga gamit ang mga salitang naghahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat (Hal: totoo, talaga, tunay,hindi, ngunit at iba pa ( F8PU-IVi-j-40)

## Unang Pagsubok

Bago ka magsimula sa araling ito, nais kong isagawa mo ang gawaing ito upang masukat ang iyong kaalaman.

**A. Panuto:** Suriin ang pahayag sa bawat bilang. Lagyan ng puso kung ito ay may kaugnayan at tatsulok kung walang kaugnayan sa paksa.

| PAHAYAG | ♥ | ▲ |
|---|---|---|
| 1. Ang Radio Broadcasting ay gumagamit ng waves sa pamamagitan ng paggamit ng radyo. | | |
| 2. Ang Radio Broadcasting ay pumipigil sa pagbabalita ng mga impormasyon hinggil sa isyung panlipunan. | | |
| 3. Walang kalayaang pumili ng sariling pangalan ng istasyon. | | |
| 4. Maayos na pananalita ang ginagamit sa Radio Broadcasting. | | |
| 5. Ang Radio Broadcasting ay may layuning magpalaganap ng impormasyon sa mas nakararaming mga tao tungkol sa mga | | |

| | | |
|---|---|---|
| isyung panlipunan, balita, at iba pang makabuluhang pangyayari. | | |

**B. Panuto:** Basahin at unawain ang halimbawa ng Radio Broadcasting. Piliin at bilugan ang letra ng tamang sagot.

Batang edad 10-14 di lalabas, suportado ng DepED

Announcer: Mula sa himpilan ng Radyo Himpapawid ng DZNS narito ang mga tapat na mamahayag, sina Ka Berto at Ka Pedro at ito ang Katinig mo!
Ka Berto: Magandang Araw sa inyong lahat!
Ka Pedro: Magandang Araw Partner.
Ka Berto: Partner, Totoong nakakabahala ngayon ang isyu sa mabilis na pagkalat ng sakit na Covid 19.
Ka Pedro: Siyang tunay Partner. Kaya nga dahil diyan ay suportado ng Department of Education ang desisyon ni Pangulong Rodrigo Duterte na kanselahin ang planong payagan na ang mga batang 10-14 na taong gulang na makalabas ng kanilang tahanan.
Ka Berto: Sandali! Hindi ba sa darating na Pebrero 1 ay papayagan na ang mga batang ito na makalabas ng kanilang tahanan sa ilalim ng MGCQ (Modified General Community Quarantine)?
Ka Pedro: Hindi Partner. Ayon kay Education Secretary Leonor Briones nauunawaan nila ang desisyon ng pangulo na huwag na munang palabasin ang mga batang ito dahil na rin sa napapabalitang pagpasok ng UK Covid-19 variant sa bansa.
Ka Berto: Ngunit, paano na ang mga batang ito na nakulong ng matagal sa kani- kanilang tahanan.
Ka Pedro: Napagdesisyunan na ito Partner ng ating Pangulong Duterte.
Ka Berto: Sa aking palagay, para makaiwas ang mga batang ito na mahawa o makahawa sa dulot ng Covid 19 at para na rin sa kanilang kaligtasan.
Ka Pedro: Sumasang-ayon ako Partner!

Katha ni Elisa Peñaflor

6. Alin sa mga sumusunod ang pagsang-ayon na pahayag?
   A. Nauunawaan ng Kalihim ng Edukasyon ang tinuran ng Pangulo.
   B. Totoong nakababahala ngayon ang isyu sa pagkalat ng sakit na Covid-19.
   D. Sandali! Di ba papayagan ng lumabas sa Pebrero 1 ang mga bata 10-14 na taong gulang?
   D. Sa bagay! Para na rin makaiwas ang mga batang mahawa o makahawa sa sakit.

7. Alin sa mga sumusunod ang paksa ng Radio Broadcasting?
   A. Ang UK Covid-19 sa bansa
   B. Paglabas ng mga batang 10-14 na taon gulang
   C. Kaligtasan ng mga bata 10-14 na taong gulang
   D. Ang pagsuporta ng Kalihim ng Edukasyon sa desisyon ng Pangulo tungkol sa hindi pagpapalabas sa mga batang may edad 10-14
8. Alin sa sumusunod na mga salita ang nagpapahayag ng pagsalungat?

A. ngunit B. totoo C. sandali D. sa bagay

9. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na opinyon?
   A. Nauunawaan ng Kalihim ng Edukasyon ang desisyon ng Pangulo.
   B. Sa aking palagay, para na rin maiiwas nito ang mga batang mahawa o makahawa sa sakit.
   C. Totoong nakakabahala ngayon ang isyu sa pagkalat ng sakit na Covid 19.
   D. Sandali! Di ba papayagan ng lumabas sa Pebrero 1 ang mga bata 10-14 na taong gulang?

10. Ano ang layunin ng Radio Broadcast?
   A. manghikayat B. magpabatid C. magpatawa D. maglahad

## Balik-Tanaw

Bago ka magsimula ng aralin, balikan mo ang ilang matatalinghagang salitang ginamit sa akdang Florante at Laura.

Panuto: Piliin ang titik ng angkop na kasingkahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat sa
patlang ang napiling sagot.

______1. Nagbangis ka ma't nagsukab sa akin
   A. nanloko B. nang-iwan C. nagtaksil D. nandaya

_____2. Hirap yatang bathin
   A. kayanin B. sikapin C. dalahin D. pagtiyagaan

_____3. Bulaklak kong bugtong
   A. alaga B. nag-iisa C. panganay D. palayaw

_____4. Hiram na bait
   A. tunay B. mabuti C. naghiram D. pagbabalatkayo

_____5. Bihasa sa lakad ng mundo
   A. kabisado B. alam C. inosente D. sanay

## Maikling Pagpapakilala Ng Aralin

Ang Radio Broadcasting ay isang pamamaraang pagsasahimpapawid ng mga impormasyon o balita sa pamamagitan ng paggamit ng mga *waves* sa radyo. Ang layunin nito ay ang pagpapalaganap ng impormasyon sa mas nakararaming mga tao tungkol sa mga isyung panlipunan, balita, at iba pang makabuluhang pangyayari.

Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Radio Broadcasting:

a. Pumili ng pangalan para sa inyong istasyon
b. Maghanda ng paksang tatalakayin kasama ang iyong *Co- Anchor*/tagapagbalita
c. Maging maingat sa mga salitang gagamitin sa pagbro-broadcast dahil iba- iba ang iyong tagapakinig
d. Maghanda ng mga awiting patutugtugin
e. Maging magalang sa pagtatapos

Mga angkop na salitang dapat gamitin sa isang radio broadcast.

- Gumamit ng maikli at payak na salita sa pakikipagtalastasan o pakikipag-usap
- Iwasan ang mga salitang sumasagitsit na tunog
- Gumamit ng paglalarawang salita kung kinakailangan at may pag-iingat
- Gawing maikli ang mga pangungusap at ang mga ideya ay hindi maligoy.

## Gawain

**Gawain A**

Panuto: Gamit ang grapikong pantulong, itala ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa Radio Broadcasting.



**Gawain B.**

Panuto. Ilahad ang iyong kaalaman o karanasan sa mga sumusunod na pahayag. Gamiting gabay ang rubrik sa ibaba sa pagmamarka sa mga sagot.

| | |
|---|---|
| Ilahad ang naging karanasan ng iyong kaanak o kaibigan kung paano nakatulong sa kanila ang pakikinig ng mga programang panradyo. | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Alin sa mga programang panradyo na iyong pinakinggan ang nagdulot sa iyo ng entertainment? | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

Pamantayan sa Pagmamarka:

| **Mga Pamantayan** | **Puntos sa Sarili** | **Puntos ng Guro** |
|---|---|---|
| Nailahad nang maayos ang kaalaman o karanasan mula sa kaibigan o kamag-anak kung paano nakatulong ang programang panradyo | | |
| Nailahad nang malinaw ang mga pananaw, damdamin matapos makapakinig ng programang panradyo | | |
| Nabigyang-aliw ang sarili matapos na makapakinig ng programang panradyo | | |
| **Kabuoang Puntos** | | |
| 5- Napakahusay 4- Mahusay 3- Katamtamang husay<br>2- Kailangang paghusayan 1- Magsanay upang humusay | | |

## Tandaan

Sa pagpapahayag ng mga impormasyon ay hindi maiiwasan ang maglahad ng pagsalungat o pagsang-ayon sa pinag-uusapan. Ang pahayag na pagsang-ayon ay nangangahulugang pagtanggap, pakikiisa, o pakikibagay sa isang ideya, ang hudyat na salita o pariralang ginagamit dito ay kabilang sa pang-abay na panang-ayon gaya ng; totoo, kaisa mo ako, tunay nga, sang-ayon ako, sige, tama ang sinabi mo, lubos akong nanalig sa iyo at iba pa. Samantalang ang pahayag na pagsalungat ay nanghangahulugang pagtanggi, pagtaliwas, pagkontra sa isang pahayag o ideya. Ang hudyat na salita o pariralang ginagamit dito ay kabilang sa pang-abay na pananggi gaya ng; ayaw ko ang pahayag na…, Hindi ako naniniwala…, Hindi ako sang-ayon…, Hindi ko matatanggap ang iyong sinabi…, ikinalulungkot ko…, Ngunit hindi totoo ang sinasabi mo.., at iba pa.



## Pag-alam sa mga Natutuhan

Pagkatapos mong maunawaan ang mahahalagang impormasyon sa aralin, subukin mong gawin ang ilan pang gawain.

Panuto: Bumuo ng isang iskrip tungkol sa napanood na programang pantelebisyon. Gawing gabay ang mga hakbang sa pagsasagawa ng *Radio Broadcasting.*

**RUBRIK SA PAGMAMARKA NG ISKRIP**

| **PAMANTAYAN** | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 | KABUOAN |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nagagamit nang wasto ang mga hakbang sa pagsasagawa ng Radio Broadcasting | | | | | | |
| Nagagamit nang wasto ang mga hudyat na salita sa pagbibigay opinyon pagsang-ayon at pagsalungat | | | | | | |
| Malinis at maayos ang presentasyon ng iskrip | | | | | | |

INTERPRETASYON:
14-15 = 95 Mahusay 6-7 = 75 Pasado

| | | | |
|---|---|---|---|
| 12-13 = 90 | Magaling | 4-5 = 70 | Kaya mo iyan |
| 10-11 = 85 | Katamtaman | 0-3 = 65 | Magsikap ka |
| 8-9 =80 | Puwede na | | |

## Pangwakas Na Pagsusulit

Ngayong natapos mo ng pag-aralan at sagutan ang mga gawain sa araling ito, oras na upang sukatin ang iyong natutuhan.

A. Panuto: Punan ng angkop na impormasyon ang patlang upang makabuo ng isang iskrip ng *Radio Broadcasting*. (10 puntos sa kabuoang sagot)

______________________________
(Pamagat -napapanahong Isyu)

Announcer: Mula sa himpilan ng Radyo Patrol __( pangalan ng istasyon)__ narito ang mga tapat na mamayahag, sina __(pangalan ng Anchor/Tagapagbalita)__ at __________ ito ang KATINIG mo!

__________ 1: ______________________________
Tagapagsalita ______________________________

__________ 2: ______________________________
Tagapagsalita ______________________________

__________ 1: ______________________________
Tagapagsalita ______________________________

__________ 2: ______________________________
Tagapagsalita ______________________________

Announcer: ______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
(panapos na pananalita)

B. Panuto: Ilahad ang iyong opinyon kaugnay sa ilang isyung may kinalaman sa kahalagahan ng salapi at karunungan sa buhay ng tao. Isulat ang iyong makabuluhang sagot sa mga linya pagkatapos ng pangungusap.Gumamit ng wastong hudyat ng salita sa pagbibigay ng pahayag sa Pagsang-ayon o Pangtanggi.Gamiting gabay sa pagmamarka ang rubrik sa ibaba.

Pamantayan sa Pagmamarka

| **Pamantayan** | Napakahusay (5) | Mahusay (3) | Katamtamang husay (2) | Magsanay pa (1) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman ng opinyon o pananaw | Nailahad nang buo at maayos ang sariling pananaw sa pahayag | Kaunti lamang ang inilahad na sariling pananaw sa pahayag | Malayo ang inilahad na pananaw sa pahayag | Hindi nakapaglahad ng sariling pananaw sa pahayag | |
| Gamit ng wika | Maayos at wasto ang paggamit ng mga hudyat sa pahayag ng pag-sang-ayon at pangtanggi | May ilang mali sa paggamit ng mga hudyat sa pahayag ng pag-sang-ayon at pagtanggi | Hindi maayos ang paggamit ng mga hudyat sa pahayg ng pagsang-ayon at pagtanggi | Maraming pagkakamali sa paggamit ng mga hudyat sa pahayag ng pag-sang-ayon at pagtanggi | |
| Iskor | | | | | |

1. Ang salapi ang ugat ng lahat ng kasamaan dito sa mundo. (Pagtanggi)
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_____________________________________________________________

2. Ang karunungan ay kayamanang hindi mananakaw sa isang tao. (Pagsang-ayon)
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

3. Kapwa mahalaga ang salapi at karunungan sa buhay ng tao. (Pagsang-ayon at Pagtanggi)

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## SANGGUNIAN

Legaspi, Reniel. “Mga hakbang sa pagsasagawa ng Radio Broadcasting”. March 4, 2020. https://www.google.com/search?q=mga+hakbang+sa+pagsasagawa+ng+radio+broadcasting&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=ZJIKPfRegV0arM%252CBFqj6GCHZCGiFM%252C_&vet=1&usg=AI4_-kRTEMiL5DpEXOTfbrqVeRHUMrQb8A&sa=X&ved=2ahUKEwi6sdC2qpnvAhVTUd4KHYVSCYMQ9QF6BAgeEAE#imgrc=ZJIKPfRegV0arM

Slideshare. “Pagsulat ng iskrip ng programang panradyo”. Published on February 12, 2019. https://www.slideshare.net/reinaantonette/pagsulat-ng-iskrip-ng-programang-panradyo
Retrieved from https:/www.slideshare.net/Allanortiz/radio-broadcast -2

Retrieved from https://www.slideshare.net/Kathy_Mac/pagsang-ayon-at-pagsalungat-sa-pagpapahayag-ng-opinyon

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Unang pagsubok**



1.
2.
3.
4.
5.
6. C
7. C
8. A
9. B
10. A

**Balik-Tanaw**

1. C
2. A
3. B
4. D
5. D